BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Agosto 10, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, humihiling ng kautusan sa abatement para sa mga malawakang paglabag sa kalidad ng hangin sa Valero

Hinihiling na kautusan sa abatement, mag-aatas sa refinery na maglagay ng kagamitan para sa pagkontrol ng polusyon

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na humihiling ito ng kautusan sa abatement sa hiwalay na Lupon para sa Pagdinig ng ahensya para atasan ang Valero Refining Co. na itigil ang mga kasalukuyang paglabag sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin sa refinery nito sa Benicia.

Humihiling ang Distrito ng Hangin ng kahilingan sa abatement para atasan ang Valero na maglagay ng kagamitan para sa pagkontrol ng polusyon sa walong pressure relief device, o PRD, na nasa hydrogen compressor unit ng refinery. Ang mga PRD ay mga device para sa kaligtasan na ginagamit para maiwasan ang matitinding overpressure na puwedeng magdulot ng napakamapanganib na pagpalya ng kagamitan – sa lawak na pang-industriya, at hindi tulad sa pressure relief valve sa isang home pressure cooker.

Iniaatas ng mga regulasyon ng Distrito ng Hangin na maglagay ng kagamitan para sa pagkontrol ng polusyon sa mga PRD na may dalawa o higit pang release sa loob ng limang taon. Dati nang napapailalim sa mga pag-aatas na ito ang mga PRD ng Valero, at sa ilang sitwasyon sa loob ng mahigit sa isang dekada, hindi inilagay ng Valero ang kinakailangang kagamitan para sa pagkontrol ng polusyon.

“Lubos na nakakabahala ang mga malawakang paglabag na natuklasan sa refinery ng Valero sa Benicia, at humihiling ang Distrito ng Hangin ng kautusan sa abatement para matiyak na aaksyon ang Valero para hindi maapektuhan ng mga mapaminsalang emisyon ang mga komunidad sa paligid ng refinery,” isinaad ni Alexander Crockett, ang chief counsel ng Distrito ng Hangin. “Priyoridad naming protektahan ang kalusugan at kapakanan ng aming mga komunidad, at pagsisikapan naming magpatupad ng mga hakbang sa pagpapatupad para maging mas malinis at ligtas ang hangin para sa lahat ng residente ng Bay Area.”

Naglalabas ng mga emisyon ang mga PRD sa tuwing hindi maganda ang kundisyon at hindi araw-araw. Gayunpaman, kapay may inire-release ang mga PRD, direktang napupunta ang mga emisyon sa atmosphere, maliban na lang kung naka-capture at/o naa-abate ang mga ito.

Hinihiling ng Distrito ng Hangin ang kautusang ito sa abatement para mapigilan ang mga emisyong mapunta sa atmosphere kung at kapag may nire-release ang anumang PRD.

Natuklasan ng Distrito ng Hangin ang mga paglabag na ito sa PRD kaugnay ng pagsisiyasat ng serye ng mga malawakang paglabag sa hydrogen system ng Valero, kasama ang mga malawakang emisyon mula sa isang hydrogen vent, na naging dahilan para maglabas ang Lupon para sa Pagdinig ng kautusan sa abatement noong 2022. Inaatasan ang Valero na iulat sa Distrito ng Hangin ang mga pag-release mula sa mga PRD ng hydrogen system nito, pero mahigit sampung taon na nito na hindi iyon ginagawa. Bilang resulta, nalaman lang ang mga tuluy-tuloy na paglabag na ito nang magsagawa ang Distrito ng Hangin ng higit pang imbestigasyon matapos nitong matukoy ang mga paglabag sa hydrogen vent.

Ang Lupon para sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin ay isang hiwalay na tribunal na ginawa alinsunod sa batas ng estado, na may kakayahang atasan ang mga lumalabag na tumigil sa operasyon hangga't hindi sila nakakasunod sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin. Ang mga paglilitis ng Lupon para sa Pagdinig ay bukas sa publiko, at hinihikayat ang publiko na makibahagi at magkomento kapag may paglilitis ang Lupon para sa Pagdinig kaugnay ng paglalabas sa hinihiling na kautusan sa abatement. Kapag naiskedyul na ang pagdinig, magpo-post ng link sa website ng Distrito ng Hangin sa www.baaqmd.gov. Puwede ring mag-sign up ang publiko para sa mga update sa Lupon para sa Pagdinig sa https://www.baaqmd.gov/contact-us/sign-up-for-information.

Ang Lupon para sa Pagdinig ay walang kakayahang magpataw ng multa para sa mga paglabag sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin. Magsasagawa ang Distrito ng Hangin ng hiwalay na pagkilos sa pagpapatupad para matasa ang mga parusa para sa mga paglabag na ito hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas. Layunin ng kautusang ito sa abatement na humiling ng kautusang nag-aatas sa Valero na itigil ang mga kasalukuyan nitong paglabag kaugnay ng mga nasabing PRD at sumunod sa lalong madaling panahon.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*